ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# GRAMATECHA BILANG KAGAMITANG PANTURO SA KASANAYANG PANGGRAMATIKA SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Kristy Limchoco Abad**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang antas ng kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral; ilarawan ang pagkakaiba ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng panalita; at kilalanin ang pagkakaiba ng antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.*

*Ang deskriptibong pag-aaral na ito ay gumamit ng isandaan at walumpu't anim (186) na mag-aaral, mula sa Baitang 11 ng Camp Vicente Lim Integrated School. Purposib sampling ang ginamit sa pag-aaral na ito upang makuha at mataya ang kaukulang resulta ng pananaliksik. Ang talatanungan, materyal at mga pagsusulit ay ginamit upang masagot ang nasabing pananaliksik.*

*Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ito na ang antas ng paggamit sa GramaTECHa gayundin sa antas ng panturo sa kasanayang panggramatika lahat ay katanggap-tanggap na ang sagot ng mga tagatugon sa kabuuan ng bawat bahagi ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na "lubhang mataas." Para naman sa antas sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon ay may mapaglarawang katumbas na pinakamahusay at higit na mahusay at may literal na paliwanag na Napaka kasiya-siya. Ang antas sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip ay may mapaglarawang katumbas na pinakamahusay, higit na mahusay at mahusay at may literal na paliwanag na Napaka kasiya-siya.*

*Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ang konklusyon na ito ay nabuo: "walang makabuluhang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip" ay makabuluhan; Ang haypotesis na nagsasabing "walang makabuluhang epekto ang paggamit ng GramaTECHa" at "walang makabuluhang epekto ang panturo sa kasanayang panggramatika" ay walang positibong epekto. Samakatuwid magsagawa ng mga pagsasanay at seminar para sa mga guro upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa mga alternatibong gawain.*

*Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik sa administrador ng paaralan at mga guro sa Filipino ay gamitin ang GramaTECHa gamit ang iba't ibang paraan ng pagkatuto ng akademikong sulatin upang higit na matuto at mahikayat ang mga mag-aaral sa pagganap ng mga ito sa kanilang gawaing pang-akademiko; Ang mga guro ay maaari pang paunlarin ang GramaTECHa na makatutulong sa pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral tungo sa isang makabuluhang pagganap; Ang mga mag-aaral ay marapat na bigyang-pansin ang kanilang kawilihan at paunlarin ang kanilang abilidad at pagpupursigi para sa pansariling pagkatuto sa paggamit ng GramaTECHa; Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakabatay sa kanilang kakayahang matuto kung kaya't marapat na maging responsable ang mga ito sa kanilang pagpoproseso ng mga impormasyon upang mas maging ganap ang pagkatuto; Ang GramaTECHa ay maaring gamitin ng ibang guro sa Filipino ng Senior High partikular sa baitang 11 at gumamit ng iba pang aktibong paraan ng pag-aaral bilang dagdag na kagamitang panturo kung saan makatutulong sa pagganap ng mga mag-aaral; at para mas masigurado ang maayos na akademikong pagganap, ang iba pang mga mananaliksik ay hinihikayat na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral ukol sa gramatika upang malaman ang iba pang salik na nakaaapekto sa pagkatuto sa gramatika.*

**SUSING SALITA:** *gramatika; kakayahang panggramatika; Kagamitang Panturo*

## 1. PANIMULA

Ang kasalukuyang kurikulum sa Pilipinas ay nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, mahalagang palakasin ang kanilang kaalaman sa gramatika. Kaya't upang matupad ang layunin ng kurikulum, kailangan suriin ang kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral.

Kapag ang mga guro ay nagtuturo ng mga tuntunin ng wika nang malinaw at maayos sa pagsulat at pasalitang anyo, kinakailangang masuri ang kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral upang matukoy at maitama ang kanilang mga kahinaan. Kinakailangan din ang pagsasanay sa gramatika upang lubos na matutunan ng mga mag-aaral ang mga tuntunin ng wikang kanilang pinag-aaralan.

Samantala, inisa-isa ni De Juan (2016), ang mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Una, ang pagkakaroon ng dayuhang kamalayan sa pakikipagtalastasan. Pangalawa, kakulangan nila ng kaalaman sa mga teknik o estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Pangatlo, kakulangan ng kaalaman sa istrukturang gramatikal (pagbabaybay, paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita). Ikaapat, hindi lubos na paglinang sa kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo. At panghuli, hirap sa pagtuturo ng mga matatalinhagang salita o pahayag ang mga guro at mag-aaral, at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ang kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng mga awtentikong kagamitan sa pagtaya sa kaalaman ng mga mag-aaral.

Ayon kay De Guzman (2017), sa kanyang artikulo, sa panahon ng makabagong edukasyon, ang paggamit ng elektronikong kagamitan sa pagtuturo ay magiging mabisang paraan upang mapaunlad ang kaalaman ng bawat kabataang Pilipino. Ipinapahayag niya na nasa panahon tayo ng malaking pagbabago, kaya't bilang bahagi ng pag-unlad dapat yakapin ang makabagong kagamitang elektroniko sa ating pagtuturo.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang antas ng kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng pananalita. Kilalanin ang mga pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa katutubong wika.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Sa pananaliksik na ito, upang mataya ang epekto ng paggamit ng GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa Pagganap ng mga Mag-aaral nilalayon matukoy ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo batay sa;
   1.1 Kakayahang matuto;
   1.2 Kakayahang umangkop;
   1.3 Kaangkupan sa paggamit;
   1.4 Kapasidad; at
   1.5 Aksesibiliti?
2. Ano ang antas ng Panturo Sa Kasanayang Panggramatika batay sa;
   2.1 Pasulat na Pabaybay;
   2.2 Pagpili ng mga salita; at
   2.3 Wastong gamit ng salita?
3. Ano ang antas ng Pagganap ng mga mag-aaral batay sa:
   3.1. Metakognisyon; at
   3.2. Kritikal na Pag-iisip?
4. May makabuluhan bang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip?
5. May makabuluhang epekto ba ang Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kakayahang Matuto, Kakayahang Umangkop, Kaangkupan sa Paggamit, Kapasidad at Aksesibiliti sa pagganap ng mga mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang Panturo Sa Kasanayang Panggramatika batay sa Pasulat na Pabaybay, Pagpili ng mga Salita at Wastong gamit ng Salita sa pagganap ng mga mag-aaral?
7. Anong planong gawain ang nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito ang mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Pamamaraan upang makakalaop ng mga tiyak na kasagutan at mahahalagang impormasyon hinggil sa GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa Pagganap ng mga mag-aaral. Ginamit ito upang maipakita ang detalyadong konklusyon sa haypotesis o hinuha sa pamamagitan ng masinsinang pag-aaral at tamang interpretasyon.

Ayon kay Maranan (2016), ay isang disenyong pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay ng paksa ng pananaliksik. Ito ay ginamit upang maipakita ang matibay na konklusyon sa hinuha sa pamamagitan ng ebidensya at pagpapatunay sa mga nakalap na impormasyon.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay tumutukoy sa presentasyon, analisis at interpretasyon ng mga datos.
Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan. Ang mga datos na ipinakita ay nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod sa paglalahad ng suliranin.

**Antas ng Paggamit sa GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo sa Kasanayang Panggramatika**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng paggamit sa GramaTECHa bilang kagamitang panturo sa kasanayang panggramatika ay sinukat batay sa kakayahang matuto, kakayahang umangkop, kaangkupan sa paggamit, kapasidad at aksesibiliti.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation, Puna at Literal na paliwanag, upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang Talahanayang 1 ay nagpapakita ng Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kakayahang Matuto.

**Talahanayan 1.Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kakayahang Matuto**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Napauunlad ang kakayahang pagkatuto dahil mayroong iba't ibang teknik o estratehiya sa pagtuturo.* | 4.87 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalawak ang pag-unawa sa isang babasahin dahil sa maayos na pagkakabanghay ng nilalaman.* | 4.75 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang isang kaalaman sa tulong ng malinaw at maayos na presentasyon.* | 4.78 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabibilis ang pagkaunawa sa mga aralin dahil sa makabagong teknolohiya sa pagtuturo.* | 4.73 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng maayos at malinaw na impormasyon sa isang tiyak na paksa.* | 4.80 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.79***
***Standard Deviation: 0.23***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa unang pahayag na "Napauunlad ang kakayahang pagkatuto dahil mayroong iba't ibang teknik o estratehiya sa pagtuturo" ay nakakuha ng mean score na 4.87 at standard deviation na 0.44 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "Napalalawak ang pag-unawa sa isang babasahin dahil sa maayos na pagkakabanghay ng nilalaman" ay nakakuha ng mean score na 4.75 at standard deviation na 0.47 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "Naibabahagi ang isang kaalaman sa tulong ng malinaw at maayos na presentasyon" ay nakakuha ng mean score na 4.78 at standard deviation na 0.43 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "Napabibilis ang pagkaunawa sa mga aralin dahil sa makabagong teknolohiya sa pagtuturo" ay nakakuha ng mean score na 4.73 at standard deviation na 0.45 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "Nakapagbibigay ng maayos at malinaw na impormasyon sa isang tiyak na paksa" ay nakakuha ng mean score na 4.80 at standard deviation na 0.42 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.79, standard deviation na 0.23 at ipinapakita na ang antas ng Paggamit sa GramaTECHa bilang kagamitang panturo batay sa kakayahang matuto ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng paggamit sa gramaTECHa batay sa kakayahang matuto. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang paggamit sa gramaTECHa batay sa kakayahang matuto.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na napauunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa tulong ng teknolohiya pati na rin ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Ang mga resulta ay nagpapakita ng positibong pagtanggap at pagtutugma ng mga respondente sa paggamit ng GramaTECHa bilang kagamitang panturo sa kasanayang panggramatika, na nagpapahiwatig ng potensyal na epekto nito sa pagpapaunlad ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa larangang ito.

**Talahanayan 2.Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kakayahang Umangkop**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakabubuo o napagsusunod-sunod ang mga salita sa loob ng isang pangungusap ng wasto.* | 4.63 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan nang lubos ang nilalaman at salita.* | 4.66 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malinaw na nakasulat ang paksang kakayahang komunikatibo at gramatika.* | 4.73 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababasang mabuti ang nilalaman dahil ginamitan ito ng angkop na mga salita para sa mga mag-aaral.* | 4.83 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang mga impormasyong nakapaloob sa isang tiyak na paksa ng maayos at malinaw.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.74***
***Standard Deviation: 0.25***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Nakabubuo o napagsusunod-sunod ang mga salita sa loob ng isang pangungusap ng wasto.*" ay nakakuha ng mean score na 4.63 at standard deviation na 0.56 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Nauunawaan nang lubos ang nilalaman at salita.*" ay nakakuha ng mean score na 4.66 at standard deviation na 0.53 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Malinaw na nakasulat ang paksang kakayahang komunikatibo at gramatika*" ay nakakuha ng mean score na 4.73 at standard deviation na 0.47 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nababasang mabuti ang nilalaman dahil ginamitan ito ng angkop na mga salita para sa mga mag-aaral*" ay nakakuha ng mean score na 4.83 at standard deviation na 0.37 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "*Naibibigay ang mga impormasyong nakapaloob sa isang tiyak na paksa ng maayos at malinaw*" ay nakakuha ng mean score na 4.80 at standard deviation na 0.40 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.74, standard deviation na 0.25 at ipinapakita na ang antas ng Paggamit sa GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo batay sa kakayahang umangkop ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng Paggamit sa gramaTECHa batay sa kakayahang umangkop. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang Paggamit sa gramaTECHa batay sa kakayahang umangkop.

Samakatuwid, ipinapakita ng mga resulta na sa kasalukuyang panahon ay higit na kinakailangan ng mag-aaral na magkaroon ng kakayahang umangkop sa isang bagay.

Ang Talahanayan 3 ay nagsasaad ng Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kaangkupan sa paggamit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kaangkupan sa Paggamit**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *May tiyak na impormasyon, mga halimbawa, at sanggunian.* | 4.76 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapupukaw ng interes makukulay at may mga larawan ang isang kagamitang panturo.* | 4.73 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Madaling nagamit ang materyal sa mahusay na pag-unawa sa mga tanong.* | 4.72 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ang mabilis na pag-iisip dahil sa mga nakalahad na halimbawa.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Organisado ang bawat bahagi.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.76***
***Standard Deviation: 0.25***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "May tiyak na impormasyon, mga halimbawa, at sanggunian" ay nakakuha ng mean score na 4.76 at standard deviation na 0.51 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "Nakapupukaw ng interes makukulay at may mga larawan ang isang kagamitang panturo" ay nakakuha ng mean score na 4.73 at standard deviation na 0.49 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "Madaling nagamit ang materyal sa mahusay na pag-unawa sa mga tanong" ay nakakuha ng mean score na 4.72 at standard deviation na 0.47 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "Nalilinang ang mabilis na pag-iisip dahil sa mga nakalahad na halimbawa" ay nakakuha ng mean score na 4.74 at standard deviation na 0.44 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "Organisado ang bawat bahagi" ay nakakuha ng mean score na 4.80 at standard deviation na 0.40 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Batay sa datos na nakalap, malinaw na ipinakita na ang kaangkupan sa paggamit ay may malaking ginagampanan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kasanayang panggramatika. Dahil ang maayos at kaangkupan magamit ang isang bagay ay nagkakaroon ng mabilisang pag-unawa sa isang paksa.

Ang Talahanayang 4 ay nagsasaad ng Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kapasidad.

**Talahanayan 4.Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Kapasidad**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Natutulungan ang mga mag-aaral sa pagpapalago at pagpapaunlad ng kanilang kaalaman sa nilalaman ng materyal.* | 4.81 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasakatuparan ang kolaborasyon sa klase dahil sa epektibong kagamitang panturo.* | 4.79 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-tuon at nagbibigay ng sapat na babasahin sa bawat mag-aaral ang detalye ng aralin.* | 4.82 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May kasiyahan sa pagtanggap ng mga impormasyon bilang bahagi ng pagkatuto.* | 4.79 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ng materyal ang kaalaman ng mag-aaral.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.80***
***Standard Deviation: 0.23***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Natutulungan ang mga mag-aaral sa pagpapalago at pagpapaunlad ng kanilang kaalaman sa nilalaman ng materyal"* ay nakakuha ng mean score na 4.81 at standard deviation na 0.47 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Naisasakatuparan ang kolaborasyon sa klase dahil sa epektibong kagamitang panturo"* ay nakakuha ng mean score na 4.79 at standard deviation na 0.45 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Nabibigyang-tuon at nagbibigay ng sapat na babasahin sa bawat mag-aaral ang detalye ng aralin"* ay nakakuha ng mean score na 4.82 at standard deviation na 0.40 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*May kasiyahan sa pagtanggap ng mga impormasyon bilang bahagi ng pagkatuto"* ay nakakuha ng mean score na 4.79 at standard deviation na 0.45 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

At sa ikalimang pahayag na "*Nalilinang ng materyal ang kaalaman ng mag-aaral"* ay nakakuha ng mean score na 4.74 at standard deviation na 0.44 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na na 4.80, standard deviation 0.23 at ipinapakita
na ang antas ng Paggamit sa GramaTECHa bilang kagamitang panturo batay sa kapasidad ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng Paggamit sa gramaTECHa batay sa kapasidad. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang Paggamit sa gramaTECHa batay sa kapasidad.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na malaki ang ginagampanan ng kapasidad sa paggamit ng GramaTECHa. Sa pamamagitan ng kapasidad ng isang aplikasyon, maaaring mapabuti ang pagganap, pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, at maging matagumpay.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng GramaTECHa batay sa aksesibiliti.

**Talahanayan 5.Antas ng Paggamit sa GramaTECHa batay sa Aksesabiliti**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naisasagawa ang isang gawain nang may sapat na oras.* | 4.66 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga gawain at halimbawa sa app.* | 4.80 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasaalang-alang ang mabilis na paggamit ng app.* | 4.68 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang GramaTECHa dahil maaaring mabasa online man o offline ang nilalaman nito.* | 4.94 | 0.25 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabibilis ang pag-unawa sa aralin ng isang mag-aaral.* | 4.78 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.78***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Naisasagawa ang isang gawain nang may sapat na oras"* ay nakakuha ng mean score na 4.66 at standard deviation na 0.55 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Nakatutulong ang mga gawain at halimbawa sa app"* ay nakakuha ng mean score na 4.80 at standard deviation na 0.44 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Naisasaalang-alang ang mabilis na paggamit ng app"* ay nakakuha ng mean score na 4.68 at standard deviation na 0.49 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nakatutulong ang GramaTECHa dahil maaaring mabasa online man o offline ang nilalaman nito"* ay nakakuha ng mean score na 4.94 at standard deviation na 0.25 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "*Napabibilis ang pag-unawa sa aralin ng isang mag-aaral"* ay nakakuha ng mean score na 4.78 at standard deviation na 0.41 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.78, standard deviation 0.24 at ipinapakita na ang Antas ng Paggamit sa GramaTECHa bilang Kagamitang Panturo batay sa Aksesibiliti ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng Paggamit sa gramaTECHa batay sa aksesibiliti. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang Paggamit sa gramaTECHa batay sa aksesibiliti.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na malaki ang ginagampanan ng aksesibiliti sa isang kagamitan. Kaugnay nito, sa proseso ng pagkatuto ng isang mag-aaral, napakahalaga na dulog na ilalapat ng guro sa pagtuturo na kung saan tumutukoy sa lawak at kung gaano kabilis magagamit ang isang aplikasyon.

**Antas ng Panturo sa Kasanayang Panggaramatika**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng panturo sa kasanayang panggramatika ay sinukat batay sa pasulat na pabaybay, pagpili ng mga salita at wastong gamit ngb salita.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation, Puna at Literal na paliwanag, upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang Talahanayang 6 ay nagpapakita ng Antas ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika batay sa Pasulat na Pabaybay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 6.Antas ng Panturo Sa Kasanayang Panggramatika batay sa Pasulat na Pabaybay**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong sa pagsasaayos ng mga titik sa tamang pagkakasunod-sunod upang makabuo ng mga salita.* | 4.90 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pagsulat ng repleksyon sa pagsusuri ng akda at reaksyong papel.* | 4.74 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong upang maiwasan ang kamalian sa pagbuo ng isang salita, pangungusap, at talata.* | 4.82 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang halaga ang bawat titik sa Alpabetong Filipino.* | 4.83 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang tuon ang pagkakaroon ng kamalayan sa pagsulat ng pangungusap.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.83***
***Standard Deviation: 0.22***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Nakatutulong sa pagsasaayos ng mga titik sa tamang pagkakasunod-sunod upang makabuo ng mga salita"* ay nakakuha ng mean score na 4.90 at standard deviation na 0.40 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Nakatutulong sa pagsulat ng repleksyon sa pagsusuri ng akda at reaksyong papel"* ay nakakuha ng mean score na 4.74 at standard deviation na 0.48 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Nakatutulong upang maiwasan ang kamalian sa pagbuo ng isang salita, pangungusap, at talata"* ay nakakuha ng mean score na 4.82 at standard deviation na 0.40 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nabibigyang halaga ang bawat titik sa Alpabetong Filipino"* ay nakakuha ng mean score na 4.83 at standard deviation na 0.41 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "*Nabibigyang tuon ang pagkakaroon ng kamalayan sa pagsulat ng pangungusap"* ay nakakuha ng mean score na 4.84 at standard deviation na 0.37 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang mean na 4.83, standard deviation 0.22 at ipinapakita na antas ng Pangturo sa Kasanayang Panggramatika batay sa Pasulat na Pabaybay ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pasulat na pabaybay. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pasulat na pabaybay.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na mainam na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral pagdating sa wastong baybay ng mga salita sa pagsulat ng isang akdang pampanitikan. Sapagkat ito ang magiging gabay upang maging makabuluhan at maayos ang kanilang nabuong salaysay.

May kabuoang mean na 4.80, standard deviation na 0.26 at ipinapakita na ang antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pagpili ng mga salita ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pagpili ng mga salita. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pagpili ng mga salita.

Ang talahanayang 7 ay nagpapakita ng antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pagpili ng mga salita.

**Talahanayan 7.Antas ng Panturo Sa Kasanayang Panggramatik batay sa Pagpili ng mga Salita**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naisasagawa ang bawat ng gawain sa tulong ng angkop na salita.* | 4.78 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ng wasto ang salita sa isang pangungusap.* | 4.73 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalawak ang kaalaman sa pagsulat ng pangungusap.* | 4.83 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang mga kahulugan na ibinigay sa bawat salita na madaling maunawaan ng mga babasa.* | 4.76 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang kaalaman at kamalayan dahil sa pag-aaral ng gramatika.* | 4.83 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.80***
***Standard Deviation: 0.26***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Naisasagawa ang bawat ng gawain sa tulong ng angkop na salita"* ay nakakuha ng mean score na 4.78 at standard deviation na 0.49 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Nagagamit ng wasto ang salita sa*

*isang pangungusap"* ay nakakuha ng mean score na 4.73 at standard deviation na 0.49 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Napalalawak ang kaalaman sa pagsulat ng pangungusap"* ay nakakuha ng mean score na 4.83 at standard deviation na 0.39 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*Naiaangkop ang mga kahulugan na ibinigay sa bawat salita na madaling maunawaan ng mga babasa"* ay nakakuha ng mean score na 4.76 at standard deviation na 0.44 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "*Napauunlad ang kaalaman at kamalayan dahil sa pag-aaral ng gramatika"* ay nakakuha ng mean score na 4.83 at standard deviation na 0.39 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na ang mga mag-aaral ay maaaring matanggap ang mataas na kalidad ng pagtuturoat suporta mula sa kanilang mga guro sa larangan na ito.

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang Antas ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika batay sa Wastong gamit ng mga salita.

**Talahanayan 8.Antas ng Panturo Sa Kasanayang Panggramatik batay sa Wastong gamit ng mga Salita**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naging madali ang paggamit ng gramatika (ng, nang, may, mayroon at iba pa)* | 4.86 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang paggamit ng simpleng mga salita.* | 4.82 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabigyang tuon ang kaayusan ng salita o pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya.* | 4.85 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabigyang linaw ang aralin sa gramatika sa pagbuo ng mga salita at pangungusap.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababatid ang mga salitang ginamit sa pahayag.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.86***
***Standard Deviation: 0.22***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Naging madali ang paggamit ng gramatika (ng, nang, may, mayroon at iba pa)"* ay nakakuha ng mean score na 4.86 at standard deviation na 0.45 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikalawang pahayag na "*Nakatutulong ang paggamit ng simpleng mga salita"* ay nakakuha ng mean score na 4.82 at standard deviation na 0.42 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikatlong pahayag na "*Nabigyang tuon ang kaayusan ng salita o pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya"* ay nakakuha ng mean score na 4.85 at standard deviation na 0.37 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

Sa ikaapat na pahayag na "*Nabigyang linaw ang aralin sa gramatika sa pagbuo ng mga salita at pangungusap"* ay nakakuha ng mean score na 4.86 at standard deviation na 0.35 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

At sa ikalimang pahayag na "*Nababatid ang mga salitang ginamit sa pahayag"* ay nakakuha ng mean score na 4.87 at standard deviation na 0.34 na may deskripsyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuuang mean na 4.86, standard deviation na 0.22 at ipinapakita na ang antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa wastong gamit ng salita ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Samakatuwid, lubhang mataas ang antas ng panturo sa kasanayang panggramatika batay sa wastong gamit ng mga salita. Batay sa datos na nakalap, lubos na sumasang-ayon ang panturo sa kasanayang panggramatika batay sa wastong gamit ng mga salita.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na ang pagsulat ng wastong gamit ng salita ay isang bagay na dapat taglayin ng bawat mag-aaral upang matamo ang ganap na pagkatuto sa gramatika.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral**
Sa Talahanayan bilang 9 ay nagpapakita ng Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon.

**Talahanayan 9.Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Metakognisyon**

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 26 – 30 | 157 | 84.41 | Pinakamahusay |
| 21 – 25 | 29 | 15.59 | Higit na Mahusay |
| 16 – 20 | 0 | 0.00 | Mahusay |
| 11 – 15 | 0 | 0.00 | Di-gaanong mahusay |
| 6 – 10 | 0 | 0.00 | Di-Mahusay |
| 0 – 5 | 0 | 0.00 | Di-Lubhang mahusay |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Total** | **186** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***27.63*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***22*** | | |
| **Pinakamataas na marka** | ***30*** | | Napaka kasiya-siya |
| **Standard Deviation** | ***2.26*** | | |

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip. Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Marka, Frequency, Percentage, Mapaglarawang Katumbas, Weighted mean, Pinakamataas na marka, Pinakamababang Marka at Standard Deviation, upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Sa kabuoang isang daan at walumpu't anim na tagatugon, ang marka na "26 - 30" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at limampu't pito na (157) o 84.41% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay. Habang ang marka na "21 - 25" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawampu't siyam (29) o 15.59% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay.

May kabuoang (Weighted Mean=27.63, SD=2.26) at (pinakamababang marka = 22, pinakamataas na marka = 30) ipinapakita na ang Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon ay may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay at may literal na paliwanag na Napaka kasiya-siya. Samakatuwid pinakamahusay at higit na mahusay ang Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon. Batay sa datos na nakalap, napaka kasiya-siya ang pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na sa pagsulat ng isang sulatin mayroon iba't ibang kakayahan ang mga mag-aaral na mag-isip tungkol sa kaniyang sariling pagkatuto. Ito ay isang mahalagang kasanayan sa pag-aaral dahil ito ay nagbibigay-daan sa isang mag-aaral na magpakadalubhasa sa isang partikular na larangan.

Sa kabuoang isang daan at walumpu't anim na tagatugon, ang marka na *"26 - 30*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at animnapu't siyam na (169) o 18% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Pinakamahusay***.** Habang ang marka na *"21 - 25"* ay nakakuha ng bilang na labing lima (15) o 54% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Higit na Mahusay*. At ang marka na *"16-20"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawa (2) o 20% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahusay*.

Talahanayan bilang 10 ay nagpapakita ng Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip

**Talahanayan 10.Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip**

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 26 – 30 | 169 | 18.00 | Pinakamahusay |
| 21 – 25 | 15 | 54.00 | Higit na Mahusay |
| 16 – 20 | 2 | 20.00 | Mahusay |
| 11 – 15 | 0 | 8.00 | Di-gaanong mahusay |
| 6 – 10 | 0 | 0.00 | Di-Mahusay |
| 0 - 5 | 0 | 0.00 | Di-Lubhang Mahusay |
| **Total** | **186** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***27.87*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***20*** | | |
| **Pinakamataas na marka** | ***30*** | | Napaka kasiya-siya |
| **Standard Deviation** | ***2.05*** | | |

May kabuoang *(Weighted Mean=27.87, SD=2.05)* at *(pinakamababang marka = 20, pinakamataas na marka = 30)* ipinapakita na ang Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip ay may mapaglarawang katumbas na *Pinakamahusay* at may literal na paliwanag na *Napaka kasiya-siya*. Samakatuwid pinakamahusay, higit na mahusay at mahusay ang Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip. Batay sa datos na nakalap, napaka kasiya-siya ang pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip.

Samakatuwid, pinatutunayan lamang ng mga resulta sa itaas na ang mag-aaral na nagtataglay ng kritikal na pag-iisip ay nakapagtataguyod ng pamumuhay sa mapanuri, makatwiran at mapagmalasakit na paraan. Gumagamit din sila ng mga kasangkapan, mga konsepto at simulaing nakatutulong sa kanilang makasuri at makapagpaunlad ng kasanayan.

**Makabuluhang Ugnayan sa pagganap ng mga Mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang Pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip na kinapapalooban Pagganap, Mean, Computed t-Value, Critical t-value, p-value at Analysis.

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip.

**Talahanayan 11.Makabuluhang Ugnayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip**

| Pagganap | Mean | Computed t-value | Critical t-value | p-value | Analysis |
|---|---|---|---|---|---|
| Metakognisyon | 27.63 | 7.047 | 1.6531 | 0.000 | Makabuluhan |
| Kritikal na Pag-iisip | 27.87 | | | | |

Ang datos ay tinuos gamit ang *t-test*. Ang metakognisyon ay ipinares sa kritikal na pag-iisip para makita o malaman ang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang *computed t-value* na 7.047 ay higit na mataas sa *critical t-value* na 1.6531 na mayroong suportang tinuos *p-value* na 0.000, ipinapakita ng datos na may pagtaas sa pagganap ng mag-aaral at ang analisis ay makabuluhan. Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita rin nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na may ugnayan sa pagitan nila.

Samakatuwid may makabuluhang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip kung kaya't naging epektibo ang pagsulat ng reaksyong papel at repleksyong papel bilang kagamitang pampagkatuto.

**Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng GramaTECHa sa Pagganap ng mga mag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng paggamit ng GramaTECHa sa pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang paggamit ng GramaTECHa na kinapapalooban ng Kakayahang matuto, Kakayahang umangkop, Kaangkupan sa paggamit, Kapasidad, Aksesibiliti batay sa Metakognisyon at Kritikal na Pag-iisip. Tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value.

Ang Talahanayang 12 ay nagpapakita ng Makabuluhang epekto ng Paggamit ng GramaTECHa sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12.Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng GramaTECHa sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

| Metakognisyon | B | SE | Β | T | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 29.03 | 4.414 | | 6.576* | .000 |
| *Kakayahang matuto* | | .873 | -.069 | -.08 | .937 |
| *Kakayahang umangkop* | | .907 | -1.337 | -1.473 | .143 |
| *Kaangkupan sa paggamit* | | .888 | .677 | .762 | .447 |
| *Kapasidad* | | .984 | .283 | .288 | .774 |
| *Aksesibiliti* | | .919 | .145 | .158 | .875 |
| *R-squared* | | | .013 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.014 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.274 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .489 | .784 |
| **Kritikal na pag-iisip** | **B** | **SE** | **Β** | **T** | **p** |
| *Constant* | 23.71 | 4.019 | | 5.899 | .000 |
| *Kakayahang matuto* | | .795 | -.088 | -.111 | .912 |
| *Kakayahang umangkop* | | .826 | -.573 | -.693 | .489 |
| *Kaangkupan sa paggamit* | | .808 | .616 | .762 | .447 |
| *Kapasidad* | | .896 | .564 | .629 | .53 |
| *Aksesibiliti* | | .837 | .347 | .414 | .679 |
| *R-squared* | | | -.012 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.015 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.07 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .444 | .818 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto sa Paggamit ng GramaTECHa sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 1.3% at 1.2% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.013, 0.012). Ang *Kakayahang matuto*, *Kakayahang umangkop*, *Kaangkupan sa paggamit*, *Kapasidad* at *Aksesibiliti* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 180) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita na ang Paggamit ng GramaTECHa batay sa kakayang matuto, kakayahang umangkop, kaangkupan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

paggamit, kapasidad, at aksesibiliti ay walang positibong epekto sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip.

Samakatuwid humanap at mag-isip ng ibang alternatibong gawain upang magkaroon ng makabuluhang epekto sa Paggamit ng gramaTECHa sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Epekto ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa Pagganap ng mga Mag-aaral**
Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto Ang Talahanayang 13 ay nagpapakita ng Makabuluhang epekto ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ang panturo sa kasanayang panggrmatika na kinapapalooban ng Pagsulat na Pabaybay, Pagpili ng mga Salita at Wastong Gamit ng mga Salita batay sa Metakognisyon at Kritikal na Pag-iisip. Tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value.

**Talahanayan 13.Makabuluhang Epekto ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

| Metakognisyon | **B** | **SE** | **Β** | **T** | **p** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 25.31 | 4.349 | | 5.82 | 3E-08 |
| *Pasulat na Pabaybay* | | 1.023 | 0.297 | 0.29 | 0.772 |
| *Pagpili ng mga salita* | | 0.851 | 0.089 | 0.105 | 0.916 |
| *Wastong gamit ng mga salita* | | 0.908 | 0.095 | 0.104 | 0.917 |
| *R-squared* | | | .002 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.015 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.274 | | | |
| *F(3, 182)* | | | | .103 | .958 |
| Kritikal na pag-iisip | **B** | **SE** | **β** | **T** | **p** |
| *Constant* | 20.02 | 3.892 | | 5.143 | 7E-07 |
| *Pasulat na Pabaybay* | | 0.916 | 1.872 | 2.044 | 0.042 |
| *Pagpili ng mga salita* | | 0.762 | -0.788 | -1.035 | 0.302 |
| *Wastong gamit ng mga salita* | | 0.813 | 0.531 | 0.654 | 0.514 |
| *R-squared* | | | .034 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .018 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.036 | | | |
| *F(3, 182)* | | | | 2.14 | 0.097 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng Panturo sa Kasanayang Panggramatika sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 1.3% at 1.2% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.013, 0.012). Ang *Pasulat na Pabaybay, Pagpili ng mga salita at Wastong gamit ng salita* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (3, 182) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita na ang panturo sa kasanayang panggramatika batay sa pasulat na pabaybay, pagpili ng mga salita at wastong gamit ng mga salita ay *walang positibong epekto* sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon. Ipinapakita rin na ang pagpili ng mga salita at wastong gamit ng mga salita ay *walang positibong epekto* sa resulta ng

pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip, samantalang ang kasanayang panggramatika batay sa pasulat na pabaybay ay *may positibong epekto* sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kritikal na pag-iisip. Samakatuwid gumamit ng ibang alternatibong gawain upang magkaroon ng makabuluhang epekto ng panturo sa kasanayang panggramatika sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral.

**Planong gawain na nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral**
Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng planong gawain na nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral.

Sa pagbuo ng plano makikita sa talahanayang ito ang Layunin, Istratehiya o Gawain, Tiyak na Gawain, Taong Kasangkot at Panahon ng Pagsasagawa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| Layunin | Istratehiya/Gawain | Tiyak na Gawain | Taong Kasangkot | Panahon ng Pagsasagawa |
|---|---|---|---|---|
| Nabibigyang lunas ang mga mag-aaral na may kahinaan sa kasanayang panggramatika. | Paunang Pagtataya | Pagbibigay ng panimulang pagtataya at pagsusulit para matukoy ang kaantasan ng mga mag-aaral. | Mga Guro sa Filipino<br><br>Mga mag-aaral | Setyembre 2024 – Enero 2025 |
| Napabubuti ang kakayahan ng mga mag-aaral na hindi bihasa sa pagsulat sanaysay gamit ang wastong gramatika. | Suriin ang kakayahan ng mga mag-aaral batay sa maling paggamit ng salita, pagkukulang at pag-uulit ng mga salita. | Pagbibigay ng mga tanong na tataya sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ilista ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Magsagawa ng patuloy na pagsubaybay sa mga mag-aaral lalo na ang mga mag-aaral na mahina sa gramatika. | Mga guro sa Filipino<br><br>Piling mag-aaral na hindi bihasa sa pagsulat ng sanaysay | Setyembre 2024 – Enero 2025 |
| Nahahasa ang kasanayang paggramatika ng mga mag-aaral na marurunong, mahihina, at hindi bihasa sa gramatika. | Pagsasagawa ng mga sesyon at pagsulat na makapagpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral. | Ang mga guro ay magsasagawa ng “Grammar Enhancement” at maglalaan ng oras para maisagawa ang gawain. Pagplano at pagdisenyo ng mga gamit sa pagtuturo sa gramatika na angkop sa antas ng mga mag-aaral. Pagpapatibay na mga materyales sa gramatika. | Mga Guro, dalubguro at ulongguro. | Setyembre 2024 – Enero 2025 |
| Nakapagsasagawa ng mga pagpupulong at (SLAC) sesyon upang matulungan ang mga guro sa Filipino, mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit hindi ito ang kanilang pinagkadalubhasaan. | Ang mga guro ay magkakaroon ng kamalayan at maraming kaalaman sa pagtuturo ng mga aralin. | School Learning Action Cell (SLAC) | Mga Guro | Setyembre 2024 – Enero 2025 |
| Nahahasa ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino. | Pangasiwaan ng tagapag-ugnay sa Filipino, dalubguro, at iba pang dalubhasa sa Asignatura. | Paghahanda ng makabagong kagamitang panturo. | Mga Guro | Setyembre 2024 – Enero 2025 |

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Ang haypotesis na nagsasabing “Walang makabuluhang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa metakognisyon at kritikal na pag-iisip” ay huwag tanggapin.
2. Ang haypotesis na nagsasabing “walang makabuluhang epekto ang paggamit ng gramaTECHa batay sa kakayang matuto, kakayahang umangkop, kaangkupan sa paggamit, kapasidad at aksesibiliti” ay tanggap. Samakatuwid magsagawa ng mga pagsasanay at seminar para sa mga guro upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa mga alternatibong gawain.

3. Ang haypotesis na nagsasabing "walang makabuluhang epekto ang pagpapaunlad sa kasanayang panggramatika batay sa pasulat na pabaybay, pagpili ng mga salita at wastong gamit ng salita sa pagganap ng mga mag-aaral" ay tanggap. Samakatuwid subukan gumamit ng iba't ibang alternatibong gawain.

Batay sa mga natuklasan at konklusyong nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Ang mga administrador ng paaralan at mga guro sa Filipino ay hinihikayat na gamitin ang GramaTECHa gamit ang iba't ibang paraan ng pagkatuto ng akademikong sulatin upang higit na matuto at mahikayat ang mga mag-aaral sa pagganap ng mga ito sa kanilang gawaing pang-akademiko.
2. Ang mga guro ay maaari pang paunlarin ang GramaTECHa na makatutulong sa pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral tungo sa isang makabuluhang pagganap.
3. Ang mga mag-aaral ay marapat na bigyang-pansin ang kanilang kawilihan at paunlarin ang kanilang abilidad at pagpupursigi para sa pansariling pagkatuto sa paggamit ng GramaTECHa. Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakabatay sa kanilang kakayahang matuto kung kaya't marapat na maging responsable ang mga ito sa kanilang pagpoproseso ng mga impormasyon upang mas maging ganap ang pagkatuto.

## TALASANGGUNIAN

1. *De Juan, G. (2016). Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino. Filipinotek. Nakuha noong ika-26 ng Setyembre, 2019 mula sa https://filipinotek.wordpress.com/tag/pagtuturo/Deped Order No. 7 s. 2015.*
2. *De Guzman, H (2017). Elektronikong Kagamitan sa Pagtuturo mula sa http://www.depedbataan.com/resources/4/elektronikong_kagamitan_sa_pagtuturo.pdf*
3. *Maranan, E. (2016) Ang Guru: Komunikasyon at pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Recoletos St. Intramuros, Manila: Mindshappers Co, Inc;*